

MANSUMANDIG

Isang araw sinabi ni Tonyo sa maybahay niyang si Marta, “Unti-unti na tayong naghihirap ngayon. Mas mabuti kaya pasukin natin ang negosyo.”

“Maganda ‘yang naisip mo Tonyo”, sabi ni Marta. “Magkano kaya ang ating ipupuhunan niyan?”

“Mayroon akong dalawang libo dito. Bibili ako ng bigas at dadalhin ko ito sa minahan dahil narinig kong mas malaki ang presyo ng bigas doon”, sabi ni Tonyo.


Kaya bumili si Tonyo ng isang sakong bigas at tumuloy siya sa minahan.. Pagdating niya doon, sinabihan niya ang mga tao na nagbebenta siya ng bigas. “Sino ang gustong bumili ng bigas?”, tanong ni Tonyo.

“Magkano ang isang sako?”, tanong ng mga tao. “Bakit, nakalimutan niyo na ba ang presyo ng bigas? Dalawang libo lang ang presyo ng isang sako.”, sabi ni Tonyo.

Naubos ang lahat ng kanyang panindang bigas at masaya siyang umuwi. Tinanong niya ang mga tao,

“Gusto niyo pa bang bumili ulit bukas?”

“Sige Tonyo, bibili kami ulit kahit ilang sako ng bigas ang dadalhin mo.”, sagot ng mga tao.



Pagdating niya sa bahay tinanong siya ni Marta,
“Maganda ba ang benta mo ng bigas sa minahan?”

“Oo, napakaganda ng kita ko at ang negosyong ito.”,
sabi ni Tonyo.


“Buti nga, yayaman kaagad tayo nito”, sabi ni Marta.

Sumunod na araw, bumili ulit ng isang sakong bigas
si Tonyo. Tulad noong una, kinarga niya ito patungo sa
minahan. Tinanong na naman siya ng mga tao kung
magkano ang sako ng bigas. “Gaya ng dati, ganoon pa rin
ang presyo.” sabi ni Tonyo. Tinanggap niya ang bayad at
umuwi ng bahay.

“Kumusta ang benta natin ngayon Tonyo? Maganda ba
ang kita?” pag-uusisa ni Marta.

“Gaya ng dati, maganda pa rin ang benta. Hindi ko
pa nga naibaba ang sako naubos na kaagad ang
bigas,” pagmamayabang ni Tonyo.

Sa loob ng isang taon, itinuloy ni Tonyo
ang. Kung magkano niya binili, ganoon
din ang presyo ng pagbebenta niya.
Isang araw, sinabi ni Marta, “Magbalanse
na tayo Tonyo para malaman natin ang
kita sa isang taon.” Naglatag ng banig si
Marta umupo siya sa gilid nito habang si Tonyo
naman ay sa kabilang gilid nakaupo. “Nasaan
ang kinita mo sa ibinenta mong bigas sa isang
taon?”



“Anong kita ang pinagsasabi mo?” tanong ni Tonyo.
“Ibigay mo na ang pera para malaman natin kung magkano lahat ang kitinita natin.”, dugtong ni Marta.

“O, nandito na”, sabi pa ni Tonyo. At kinuha niya ang pera sa kanyang bulsa at inabot kay Marta ang dalawang libo.

“Ano? Ito lang ba ang naipon mo sa isang taon?” umiyak at galit na sabi ni Marta.

“Diba sabi mo maganda ang bentahan at kita mo sa bigas doon sa minahan?” “Iyan lang talaga ang naipon kung pera Marta”, sagot ni Tonyo. “Magkano ba ang bili mo sa bigas?” tanong ni Marta.

“Dalawang libo bawat sako”, sabi ni Tonyo.

“Kung gayon, magkano ang benta mo bawat sako?” tanong ni Marta.

“Dalawang libo din bawat sako”, sagot ni Tonyo.

“Dios ko naman Tonyo!”, umiiyak na sabi ni Marta. “Paano ka kikita niyan kung pareho lang na halaga ng pagbibili at pagbebenta.”

Isinandal ni Tonyo ang kanyang ulo sa dingding at nag-isip nang malalim. Simula noon, naging tanyag at kilala na siya sa katawagang MANSUMANDIG – isang taong mahilig



sumandal sa kanyang ulo sa dingding habang nag-iisip nang malalim. Hindi nagtagal, kinausap ni Marta si Tonyo upang magnegosyo.”

“Akin na ang dalawang libo, ako na ang magnenegosyo.” Inabot agad ni Mansumandig ang pera kay Marta.

“Pumunta ka doon sa lupang sakahan at bumili ka ng abaka sa halagang dalawang libo dahil maghahabi ako ng tela.”

At bumalik agad si Mansumandig na bitbit ang abaka. Ibinilad agad ito ni Marta sa araw at pagkatuyo nito ay itinali ito na parang kasin taas ng sinulid at inilagay sa hablunan.

Araw gabing gumawa si Marta. Walang tigil at halos wala na siyang pahinga sa paghahabi ng tela at nakagawa siya ng walong metro. Ibinenta niya ito sa halagang tatlong daan bawat metro. Ginamit niya ang kita at dinagdagan niya ang puhunan at bumili ulit siya ng abaka at patuloy si Marta sa paghahabi ng tela at pagbebenta nito.

Hanggang sa umunlad ang kanyang negosyo, habang masayang bumibili ang mga tao sa kanyang paninda.

Sa loob ng isang taon, binilang ni Marta ang naipung pera sa pagtitinda habang nakatingin si Mansumandig.

“Tingnan mo Mansumandig, mas magaling akong magdala ng negosyo. Kita mo na, ang laki ng naipon ko ngayon. Kung ikaw lang ang inasahan ko, hindi tayo giginhawa sa buhay” nagyayabang na sabi ni Marta.

Nahiya si Mansumandig sa kasawian ng kanyang negosyo noong una. Hiyang-hiya siya sa sarili pati na kay Marta. Yumuko na lamang si Mansumandig habang tumutulo ang mga luha.

Nang makita ni Marta na umiiyak ang kanyang asawa, naisip niya na mali pala ang ginawa niyang pang-mamaliit sa kanyang asawa. Naisip niyang bigyan niya ito ulit ng iba pang pagkakataon.

Binigyan niya si Tonyo ng pera para bumili ng kalabaw. Bumili agad ng sampung kalabaw si Mansumandig at ginamit niya ito sa pag-aararo ng kanilang sakahan. Mas lalong nagsumikap at pinalago ni Mansumandig ang sakahan.

Sa bawat taong lumipas, lumakas ang kanyang ani. Masayang masaya si Marta lalo na si Mansumandig.

Noon nila naisip na kung magtutulungan at mag-uunawaan, lahat ng pangarap sa buhay ay maaaring mangyari.

Ngayon, namumuhay sila ng masagana, masaya at nagmamahalan.

